

Tungo sa Pag-unawa ng Panlapihan ng Pandiwa

Resty Cena

Lecturer

Universidad ng Pilipinas-Diliman

restycena@gmail.com

(Unang baba. Mababago pa ang nilalaman.)

Buod

Ang pagsusuring ito ay isang pagtatangka na lalo pang linawin ang paglalarawan ng sistema ng panlapihan ng pandiwa. Isinakatuparan ito sa pamamagitan ng, una, ang pagkilala sa pagbuo ng mga pandiwang tangkay “stem” na banghay sa Paraan “mode”, kung kayat ang panlapihan ng pandiwa ay nakapagdadala ng tatlong tungkulin: Tinig “voice”, Daloy “aspect”, at Paraan “mode”. Inspirasyon dito ang panukala ni de Guzman (1978) na ihiwalay nga ang pagbuo ng mga tangkay sa Tinig at Daloy, bagamat hindi niya itinuring na Paraan ang pagbuo ng tangkay. Nabigyan ng hakbang na ito ng malinaw na hangganan ang katnigan ng mga panlapi sa pandiwa. Ikalawa, binigyan ng ibang suri ang panlaping i- (sa *iluto*), na sa kasalukuyang mga pagsusuri ay kabilang sa Tinig, pero sa pag-aaral na ito ay ginawang isa sa mga Paraan. Inspirasyon naman dito ang pag-aaral ni Nolasco (2003), na duo’y ipinakita niya, isa sa maraming bagay, na ang Tinig man ay may dalang Paraan. Napino ng hakbang na ito ang imbentaryo ng mga panlaping Tinig at Paraan. Sa pagsasaliksik na ito, napansin na may kahalagahan, at dito’y ipaliliwanag, ang sunurang ayos ng mga Paraang panlapi sa Pilipino.

Introduksyon

Parang isang madilim na gubat, pinakamasilimuot na bahagi ng balarila ng mga wikang Pilipino (WP) ang balangkas ng pandiwa. Marami nang tangka ang ginawa para hawiin ang dilim at kalasin ang salimuot. Ilang pag-iisip ang nakatulong nang malaki tungo sa pag-unawa ng balangkas ng pandiwa. Una, ang pagkilala na may tatlo sa halip na isang yari ang Tinig na pasibo, na, ayon kay Nolasco (2003), napansin na ni San Jose (1610) may 400ng taon na ang nakaraan, isang pagsusuri na binuhay ni Blake (1906) noong nakaraang siglo. Ikalawa, ang pagsusuri nina Bloomfield (1917) at Blake (1928) na ang inihahayag ng panahon sa pandiwa ay ang daloy ng panahon: kung ang pangyayari ay nasimulan na, kung tapos na, o kung binabalak pa lang; naging batayan ang pag-iisip na ito sa kasalukuyang pananaw na hindi panahunan “tense” ang pinapahalagahan sa pandiwa kundi ang daloy ng panahon “aspect”. At ikatlo, ang mungkahi ni De Guzman (1978), na ihiwalay ang pagbuo ng tangkay sa pagbabanghay sa Tinig at Daloy.⁶

Sagana ang panlapihan ng pandiwa sa Pilipino. Tulad ng ipinakikita sa Listahan 1, may mahigit na 500ng banghay ang ugat na *bili*. Sa unang tingin, nakakalula ang dami ng salita sa listahan. Paano natututuhan ang mga ito ng isang nag-aaral magsalita ng Pilipino? Masisimplihan natin ang tingin sa sistemang panlapihan ng pandiwa kung titingnan ito na isang sistema na binubuo ng mga sangkap at mga tuntunin sa pagtatagni ng sangkap. Gaya nang nabanggit sa unahan, bukod sa ugat, may tatlong sangkap ang pandiwa: Daloy, Tinig, at Paraan.

Daloy “Aspect”

Apat ang banghay ng pandiwa batay sa Daloy: nasimulan, di-tapos, binabalak, at katatapos. Isinama natin ang pawatas o pautos na anyo sa listahan.

Ang mga panlapi ng banghay sa Daloy (C = consonant, V = vowel):

	<i>Tinig-Aktor</i>		<i>Tinig-Pasyente</i>	
<i>Nasimulan</i>	-um-	bumili	-in-	binili
<i>Di-Tapos</i>	C-um-V	bumibili	C-in-V	binibili
<i>Binabalak</i>	CV-	bibili	CV-	bibilhin
<i>Pawatas</i>	-um-	bumili	-	bilihin

⁶ Masasabing pagtatangkang linisin din ang

Katatapos *Walang Tinig*
ka- + CV-

(Ang CV ay kumakatawan sa pag-ulit ng unang katinig at patinig ng ugat o tangkay.)

Ganito ang pagbabanghay sa Daloy:

- (i) Kung di-tapos o binabalak pa lang ang aksyon, ulitin ang unang CV ng ugat o tangkay.
- (ii) Kung nasimulan na ang aksyon, ikabit ang gitlapi (-um- o -in-) sa pagitan ng unang C at V.

Ngayon, alisin natin ang mga salita sa Listahan 1 na nagpapakita ng mga Daloy na nasimulan, di-tapos, binabalak, at katatapos. Itira natin ang mga pandiwa na may anyong pawatas. Lalabas ang Listahan 2, na dapat naman na mas maliit kaysa sa Listahan 1.

Tinig “Voice”

Tinutukoy ng Tinig ang tampok na kasangkot sa aksyon ng pandiwa. Tatawagin nating simuno ang tampok na kasangkot. Itinuturing na Tinig panlapi ang mga sumusunod.

<i>Panlaping</i>	<i>Gampanin ng Simuno</i>
<i>Tinig</i>	
i-	pasyente, kagamitan, dahilan, benepisaryo
(-u)m-	aktor
-in	pasyente
-an	lunan (pinangyarihan, patutunguhan, pinanggalingan)

Mga halimbawa ng gamit:

	<i>Gampanin “Role” ng Simuno</i>
<i>Iluto mo ang manok.</i>	pasyente
<i>Iluto mo si Ben ng kanin.</i>	benepisaryo
<i>Iyaman kaya ni Ben ang pagsasaka.</i>	dahilan

Itinahi ni Ben ang karayom.	kagamitan
Bumili si Ben ng basi.	aktor
Bilihin mo ang lambanog.	pasyente
Bigyan mo si Ben ng basi.	patutunguhan
Kunan mo si Ben ng dugo.	pinanggagalingan
Higaan mo ang mesa.	pinangyarihan

Bagamat simple na, may mga komplikasyon pa rin ang paglalarawang ito ng sistemang Tinig:

- (i) Ang panlaping *i-* ay pinagsasaluhan ng hanggang apat na gampánin.
- (ii) Ang pasyente ay ipinahahayag ng mahigit sa isang panlapi: *i-* at *-in*.
- (iii) Kung hindi unlapi ang *i-*, masasabi na ang lahat ng ibang Tinig maliban sa aktor ay ipinahahayag ng hulapi.
- (iv) Tulad ng napansin ni de Guzman (1997), ang panlaping *i-* lang ang Tinig na pumapaloob sa isang panlaping derivational.⁷

Sapakagkat ang mga komplikasyong ay dala lahat ng panlaping *i-*, tatangkain nating bigyan ng ibang suri ang panlaping ito.

Ngayon, alisin natin sa Listahan 2 ang mga salitang may ugat at panlaping Tinig lang. Ang natitirang mga salita (tingnan ang Listahan 3) ay may anyong pawatas at may mga panlapi na hindi Tinig. Ang mga panlaping ito ang tinatawag dito na mga Paraang panlapi “mode”.

Paraan “Mode”

Paano naman ang mga panlaping *ma-*, *mag-*, *mang-*, *pa-*, *pag-*, *pang-*, *ipa-*, *ipag-*, *ipang-*, atbp. Naririto ang kadiliman. Nasuri ang mga ito na kabilang sa *modes* o *mode-aspects* o *voice-modes* (Bloomfield 1917, Blake 1925, Wolfenden 1961), *functors* (Llamzon 1968), mga sangkap ng pinayamang pandiwa (Otones 1966), at bahagi ng *case features* (Ramos 1974). Tulad nang nabanggit na sa simula, inihiwalay ni de Guzman (1978) ang pagbuo ng gayong mga pandiwa mula sa prosesong impleksyon (pagbabanghay sa Tinig at Daloy) at itinuring niya ang

⁷ “... there is something curious about the appearance of the affix *i-* in derived abilitative / involuntary / accidental (A/I/A) forms inside the derivational affix *ma-*. For example: *ma-itapon* The normal expectation is for the affix *i-*, if it is inflectional, to appear outside of the affix *ma-*. But the feature A/I/A, expressed by the identical form *ma-* (or *maka-*) in psych verbs (where typically no voice affix co-occurs), seems to override the specific voice affix *i-* (de Guzman 1997, p 322).

mga ito na bunga ng deribasyon. Sumusunod ang pag-aaral na ito kay de Guzman sa nasabing paghihiwalay ng mga proseso. Tatawagin ang proseso na Paraan “mode”, pero iiwasan ditong talakayin kung ito ay impleksyon o deribasyon, sapagkat hindi mahalaga ito sa kasalukuyang pagsusuri. Kung ang Tinig ng pandiwa ay tumutukoy sa pimakamahalagang kasangkot sa pangyayari, at ang Daloy ng pandiwa ay tumutukoy sa daloy ng panahon ng aksyon, ang Paraan naman ay tumutukoy sa paraan ng pagkakagawa ng aksyon.

Mga Panlaping Paraan

Hindi karamihan ang mga panlaping pamamaraan. At kung ituturing natin na ang *pa* at *ma* sa *pag-*, *mag-*, *pang-*, at *mang-* ay hiwalay sa panlaping *-g-* at *-ng-*, 13ng lang.⁸ Tingnan ang listahan sa ibaba. Hinati sa tatlong uri ayon sa anyo ang mga sagisag ng Paraan. Ang mga *pangunahing* panlapi ay kumakabit sa tangkay o iba pang pangunahing panlapi. Ang mga *talíng* panlapi ay kumakabit sa mga pangunahing panlapi. Ang ikatlong paraan ng pagsasagisag ng Paraan ay hindi pag-uulit “reduplication” ng buong salita o bahagi nito.

Ang mga Panlapi⁹

(i) Mga pangunahing panlapi (kumakabit sa ugat o tangkay)

	<i>Tungkulin</i>	<i>Mga Halimbawa</i>
ma-	directive causal, accidental	<i>matulog, nadala</i>
pa-	injunctive, indirective causal	<i>ipakuha</i>

(ii) Mga talíng panlapi (kumakabit sa pangunahing panlapi o iba pang talíng panlapi)

-g-	externally directed, centrifugal	<i>ipagbili, magbigay</i>
-----	----------------------------------	---------------------------

⁸ Maaari rin na ang hati ng mga complex na panlaping ito ay tulad nito: *m-a*, *m-ag*, *m-ang*, *p-a*, *p-ag*, at *p-ang*.

⁹ (i) Ang *-hing-* sa *maghimutok* at ilan pang mga salita ay isa pa rin sa mga panlaping pamamaraan, pero nanigas na ito at naging bahagi na ng salitang kinakabitan, kaya’t hindi kasama sa usapan. (ii) Ang *-si-* ay kumakabit lang sa *-g-*. (iii) Ang *kang(da)-* ay maaaring hatiin sa *-ka-* “accidental” at *-ng(da)-* “continuous”. Nahuhulog na ang *-kang(da)-* sa mga panlaping digamitin. (iv) Ang *ka-* sa mga pandiwang *kasamahin*, *kasabuwatin*, atbp. ay itinuturing na bahagi ng tangkay na pangngalang *kasama* at *kasabuwat*. Hindi ito itinuturing sa pagsusuring ito na panlaping Paraan. (v) Masasabing ang lipat ng diin sa ugat ay isa ring Paraan. Halimbawa:


-g- + STRESS SHIFT	intensive	<i>magkain, pagkainin</i>
ma- + STRESS SHIFT	abilitative	<i>makuha</i>

-ng-	extensive across time (habitual, reservational, instrumental) or extensive in effort (comprehensive)	ipangtulog ipangbukas
-ka-	causative, abilitative	mangisda ikakuha, makakuha
-ki-	deferential, social	pakikuha, makikuha
-ti-	self-assistive	magpatihulog
-sa-	directional	pasa-Maynila
-kang(da)-	accidental, "out of control"	magkangdahulog
-si-	"one by one"	magsikuha, pagsikunin

(iii) *Paulit*

ULIT-BAHAGI	disapprobational occasional	bumili- <i>bili</i> <i>bali</i> -balitaan
ULIT-BUO	conditional	bumiling- <i>bumili</i>

Anong mga tuntunin ang namamahala sa pagteterno at paghahanay ng mga Paraang panlapi?



Larawan 1. Sunurang ayos ng mga Paraang panlapi ng pandiwa. Ang mga pangunahing panlaping ma- at pa- ay pasukan “entry point”. Lahat ng panlapi ay labasan “exit point”. Sinasabi ng guhit na may ulo na tumugon sa panlaping tinutumbok.

Ipinakikita sa Larawang 1 ang sunurang ayos ng mga Paraang panlapi. Ang inilalarawan ay hindi isang algoritmo sa pagbuo ng lahat at lahat lang na mga kombinasyon ng mga Paraang panlapi. May mga landas na hahantong sa kombinasyong hindi tinatanggap. Inaasahang may landas patungo sa lahat ng tinataggap na kombinasyon.¹⁰

Alinman sa mga pangunahing panlapi ay makapagsisilbi na siyang tanging panlaping pamamaraan ng isang pandiwa, halimbawa: *maluto*, *palutuan*. Ang mga talíng panlapi naman ay hindi makapag-iisa, ibig sabihin, kailangang kumabit sila sa isang pangunahing panlapi o iba pang talíng panlapi.

¹⁰ Ipinaaalala ni Ricardo Nolasco (pers. comm.) na hindi mailalabas ng dayagram ang mga salitang tulad ng *mangahulog*.

Panlaping *i-*: Paraan “Mode”, Hindi Tinig “Voice”

Binanggit sa itaas na may sinok pa ang suri sa Tinig at ito ay dulot ng kakaibang ugali ng panlaping *i-*. Tulad ng sinabi ni de Guzman (tingnan ang nota ?), ito lang ang Tinig panlapi na pumapaloob sa Paraang panlapi, at sa isang Paraang panlapi lang, ang panlaping *ma-*, halimbawa: *maipabili*. Para nga namang wala sa lugar ang Tinig na ito. Sa loob ng isang mahabang panlapi, halimbawa, *maipapakipagbilihan*, para itong isang namamagang hinliliit na nakatikwas, isang umbok sa sementadong daan. Tatangkain natin na bigyan ng ibang suri ang panlapi: ang panlaping *i-* ay Paraan, hindi Tinig.

Sa kasalukuyang literatura, itinuturing na Tinig ang panlaping *i-*, at, kasama ng panlaping *-in*, sinasabing nagtatampol sa apektadong kasangkot sa usapan. Halimbawa, sinasabing ang pagiging simuno ng manok sa mga pangungusap sa ibaba ay dahil sa panlaping *i-* sa ()(a) at sa panlaping *-in* sa ()(b).

- () (a) *Iluto* mo ang manok.
- () (b) *Lutuin* mo ang manok.

May pagkakaiba ang basa at ang magkaibang basa ay hindi dahil sa pagkakaiba ng tinig kundi dahil sa pagkakaiba ng modalidad. Ayon kay Ricardo Nolasco (pers. comm.), ang punto ng pahayag sa ()(a) ay ang *paglagay* sa “cooking mode” ng manok, isa sa posibleng ilang moda (*i-freeze*, *itapon*, *ipamigay*, atb), samantalang sa ()(b), ang punto ay ang *pagbabago ng kalagayan* ng manok mula sa di-luto tungo sa luto. Tatawagin natin ang pamamaraan ng paglagay sa bagong moda na tungkuling *elective*. Pakinggan:

- () Tanong: “Nasangkutsa na itong manok. Ano pa ba ang kailangan nito?”
Mga sagot:
 - (a) “Sige, lagyan mo na ng gulay at *lutuin* mo na.”
 - (b) “Sige, lagyan mo na ng gulay at **iluto* mo na.”
 - (c) “Sige, itingal mo na.”
 - (d) “Sige, tinggalin mo na.”

Hindi lapat na sagot ang *iluto* (a) sapagkat nasimulan nang *iluto* ang manok bago pa ang sagutan, at tamang sagot ang *lutuín* (b) sapagkat ang kailangan na lang ay tapusin ang pagpapalit ng anyo ng manok mula sa hilaw (pa) tungo sa luto. Sa kabilang dako, tama ang *itingal* (c) dahil sa ito ay paglilipat ng moda at tama rin ang *tinggalin* (d) (bagama't makabto ang pangungusap), na nagsasaad ng isang neutral na pagbabago ng kalagayan.

O kung hindi naging matagumpay ang pagluluto sa manok at kailangang ulitin ang pagtatangka, ang situwasyon ay humihingi na ilagay muli sa “cooking mode” ang manok. Dito, tamang gamitin ang *iluto*, at maliwanag na hindi lapat ang *lutuín*.

- () (a) “Hilaw ang manok. *Lutuín mo uli.”
- () (b) “Hilaw ang manok. Iluto mo uli.”

Ang *-in* ay tumutukoy sa *esensya* ng bagay na binabanggit, ang *i-* sa Kaya't ang mga pandiwang nagpapayahag ng pagbabago sa kalikasan o kauburan ng isang bagay ay ipinahahayag sa *-in*, hindi sa *i-*.

- () (a) Sirain mo ang laruan.
- () (b) *Isira mo ang laruan.
- () (a) Buoin mo ang laruan.
- () (b) *Ibuo mo ang laruan.

Sa kabilang dako, marami rin namang pandiwa na ang epekto ay panglabas at pangkabuoan lang. Dito angkop ang *i-*:

ilako - *lakuin, itapon - *tapunin, isabog - *sabugin, ilagay - *lagayin, ibigay - *bigayin, atbp.

May mga kaso na mahirap husgahan:

*ibuhat – buhatin, ibalot – balutin, ibukas - *bukasin, *ikanta – kantahin, atbp.

Ituring natin na ang panlaping *i-* ay isang Paraan, hindi Tinig na ang tungkulin ay maghalal “elective”. Ang simuno ay inihahalal, wika nga; ang aksyon ay isang pagtatangkang isampa ang simuno sa isang bagong estado. Iba ang gampánin “role” ng simuno ng *i-* sa simuno ng *-in*. Tatawagin natin ang

gampánin ng simuno ng *i-* na *panlabas na layon* “external object”. Ano ang maitutulong ng dulong na ito sa paglilinaw ng panlapiang ng pandiwa?

Una, maiiwasan ang situwasyon na ang panlaping *i-* ay nagpapayahag ng *apat* na Tinig, tulad ng inilalarawan sa ibaba

	<i>Tinig/Gampánin</i>
() (a) <i>Iluto mo ang baboy.</i>	pasyente
(b) <i>Ibili mo si Ben ng basi.</i>	benepisaryo
(c) <i>Ibukas mo ang plais ng serbesa.</i>	kagamitan
(d) <i>Iyaman mo kaya ang pagsasaka.</i>	dahilan

Kung ang apat na uri ng gampánin ay isinasagisag ng isang panlapi lang, paano napagsisino-sino ang kasangkutan ng simuno? Depende sa kahulugan ng ugat, sa kakayanan ng simuno, at sa uri ng mga kasangkot sa usapan. Sa (a) sa itaas, ang karaniwang basa ay ang manok ang apektado. Sa (b), hindi maaaring si Ben ang iluluto; isa pa, may karagdagang kasangkot sa usapan, ang manok, na sa tunay na usapan ay siyang layon ng aksyon. Sa madaling salita, hindi sa panlaping *i-* ibinabatay ang basa ng gampánin ng simuno.

Kung gustong linawin ang gampánin ng mga simuno sa mga pangungusap sa itaas, ang tanging paraan ay magdagdag ng mga panlapi, ang mga panlaping *pa-*, *-g-*, *-ng-*, at *-ka-*.

	<i>Gampánin “Role”</i>
() (b) <i>Ipaluto mo ang baboy.</i>	panlabas na pasyente
(c) <i>Ipagluto mo si Ben ng kanin.</i>	benepisaryo
(d) <i>Ipangbukas mo ang plais ng serbesa.</i>	kagamitan
(e) <i>Ikayaman mo kaya ang pagsasaka.</i>	dahilan ¹¹

Dahil sa nalilinaw ng mga panlaping ito ang gampánin ng simuno, sa maraming pag-uulat itinuturing na Tinig ang mga panlaping *ipa-*, *ipag-*, *ipang-*, at *ika-*. Itinuturing na ring Tinig ang mga “actor counterparts” na mga panlaping *ma-*, *mag-*, *mang-*, at *maka-*.

¹¹ Ang panlaping *pa-* sa (a) ay nagdaragdag ng *causative component* sa pandiwa. Ang panlaping *ipag-* ay may sensa na *non-benefactive*, tulad ng makikita sa *Ipagbili mo ang baboy*, na dito’y *theme* ang simuno.

Sa pagsusuring ito, binasag natin ang mga panlaping *mag-*, *mang-*, *ipag-*, *ipang-* sa mga panlaping *ma-*, *pa-*, *-g-*, *-ng-*, at *i-* at ipinapalagay natin na ang mga ito ay panlaping Paraan, na may sari-sariling kahulugan. Kaakibat ng panukalang ito, sasabihin natin na ang Tinig sa mga pandiwang ito ay walang anyo¹² ang representation. Ang interpretasyon ng mga gampánin tulad ng panlabas na pasyente, benepisaryo, kagamitan, at dahilan ay hango sa mga panlaping Paraan. Iisang Tinig (na walang anyo) ang kumakatawan sa mga simuno na ito; tatawagin natin ito na *panlabas na layon* “external object”.

Sa mga pangungusap sa ibaba, panlaping Paraan din ang namimili ng simuno. Ang mga Paraang *-ka-* sa (a), *-pa-* sa (b), at *-ki-* sa (c) ay humihingi ng aktor na simuno. Ang Paraan *i-* sa (d) ay nagsasabi na ang simuno, *ang sundalo*, ay benepisaryo – pero dahil nga lang sa maaari itong gumanap na benepisaryo. Ang kawalan ng alinman sa mga Paraang ito ay nagbunga ng isang simuno na pasyente, tulad ng makikita sa (e).

- () (a) *Nakabili* si Ben ng basi.
 (b) *Napabili* si Ben ng basi.
 (c) *Nakibili* si Ben ng basi
 (d) *Naibili* ni Ben ang sundalo.
 (e) *Nabili* ni Ben ang basi.

Naito ang mga Tinig na lumalabas sa ating pagsusuri:

- () Mga Tinig

<i>Panlapi</i>	<i>Gampánin “Role”</i>
-(u)m-	aktor
-in	pasyente
-an	lunan
(zero)	panlabas na layon “external object”

¹² A null voice affix is not unusual since the *-in* patient affix in the non-contemplated aspect is also null, for example: *Bibili- si Ben ng basi*. Ang Daloy na katatapos ay isa ring balangkas na walang Tinig.

Panlabas na Layon bilang Simuno

Sapagkat may Tinig, bagamat walang anyo, nagiging simuno ang panlabas na layon. Una, isinasampa sila sa pangkat ng mga buod na argumento bilang katuparan ng kanilang modalidad. Mula sa buod na posisyon, maisasampa na sila sa simuno, bilang katuparan ng kanilang Tinig.

May dalawang bentahe ang dulog na ito:

(i) Lumalabas ang isang lipon ng mga Tinig panlapi na simple at may ayos: -*in* para sa panloob na pasyente, -*um-* para sa aktor, -*an* para sa lunan, at zero para sa lahat ng iba pa.

(ii) Ang istatus ng *i-*, *pa-*, *pag-*, *pang-*, at *ka-* ay nalinaw na panlaping Paraan. Madala sa kasalukuyang literatura, itinuturing ang mga ito na kabilang sa mga panlaping Tinig at Daloy, at ang pananaw na ito ay nakapagdudulot ng magulong isip, tulad na nga ng naidaing ni de Guzman (1978).


Interaksyon ng Daloy at Paraan

Simple ang pag-uusap ng Daloy at Paraan. Sa pagbuo ng salitang pandiwa na kasangkot ang Paraan at Daloy, unang ang pagbabanghay sa Paraan kaysa sa Daloy.

- | | | |
|-----|--------------------------------------------------------------------------|--------------------|
| () | (a) Ikabit ang panlaping Paraan: | <i>pagbilhan</i> |
| | (b) Isingit ang Daloy sa panlaping Paraan: | <i>pinagbilhan</i> |
| () | (a) Ikabit ang panlaping Paraan: | <i>pagbilhan</i> |
| | (b) Banghayin sa Daloy na [+binabalak],
Ulitin ang unang CV ng Daloy: | <i>papagbilhan</i> |

Pagteterno at Paghahanay ng mga Panlaping Paraan

Isang malaking tulong sa pag-unawa ng panlapiang pandiwa kung mailalarawan natin ang mga tuntunin sa pagteterno at paghahanay ng mga panlapi. Aling panlapi ang kumakabit sa anong panlapi, at anong tuntunin, kung mayroon man, ang namamahala sa paghahanay ng mga panlapi? Sa ano pa mang binanghay na pandiwa, iisa lang ang sunurang ayos ng mga Paraang panlapi. Makikita ang sunurang ayos sa Larawan 2.



Larawan 2. Sunurang ayos ng mga Pamaraang panlapi ng pandiwa. Isinama na ang i-bilang isang Paraang panlapi. Bawat isa sa tatlong pangunahing panlapi ay pasukan "entry point". Lahat ng panlapi ay labasan "exit point".

Tungkol sa sunurang ayos, may sinasabi ang pagkakahayanay ng mga panlapi mula sa kaliwa pakanan. Ang mga panlaping nagsasaad ng Paraan na malamang na nasa maraming ibang wika ay nasa kaliwa; tawagin natin ang mga ito na unibersal na Paraan "universal mode". Ang mga panlaping nagsasaad ng Paraan na malamang na mga wikang Pilipino lang ang may taglay ay nasa gawing kanan, halimbawa: -ki- "deferential", -ti- "let go", -si- "imitative, social", at -sa- "directional". Tatawagin natin ang mga Paraang ito na pangwikaing Paraan "language-specific mode". Ang isinasaad ng mga pangwikaing Paraan ay mahalaga sa mga tagapagsalita ng Pilipino.

() OBSERBASYON SA SUNURANG AYOS NG PARAAN

Sa paghahanay mula sa kaliwa pakanan ng mga sagisag ng Paraan ng pandiwa, una ang mga unibersal na Paraan at sa bandang huli ang mga pangwikaing "language specific" Paraan:

ma- < i- < -ka- < pa- < -ng-, -ag-, -ti-, -sa-, -ki- < -si-, -kang(da)-

Universal	<	Language Specific
Malawak ang Sakop "scope"	<	Makitid ang Sakop
Di-dinamiko	<	Mas Dinamiko

Ang Paraan na nasa kaliwa ay mas malapad ang lawak kaysa sa nasa gawing kanan. Ang unang panlapi, *ma-*, ay kumakatnig sa higit na maraming panlapi kaysa sa, halimbawa, *-kang(da)-*. Mas dinamiko naman ang mga nasa kanan, at kung may pagbabagong mangyayari, malamang na dito ito magaganap. Halimbawa, padalang na ang gamit ng *-kang(da)-* at maaaring mawala na ito. Wala kahit na isang salita sa frequency count ni McFarland (1991) ang nagtataglay ng panlaping *-kang(da)-*.

Paglalagom

Ang paglalarawan ng mga panlaping tinatawag nating Paraan bilang isang sistema na malaya sa Daloy at Tinig ay isang malaking hakbang tungo sa pag-unawa ng panlapi ng pandiwa. Ang susunod na hakbang ay ang pagtuklas ng mga tuntunin sa pagbuo ng panlapiang Paraan na binubuo ng maraming Paraan. Ang hinahanap natin, kung mayroon man, ay ilang simpleng tuntunin sa pagtatagni-tagni at sa pag-aayos ng mga panlapi para makapagpahayag ng lalo pang tiyak na pagsasagawa ng aksyon ng pandiwa, ilang simpleng tuntunin tulad ng pagbabanghay sa Daloy at sa Tinig. Mahalaga sa ano pa mang wika ang paraan ng pagkakagawa ng aksyon, pero tila lalong mahalaga ito sa Pilipino. Binibigyan ng wikang Pilipino ang tagapagsalita ng maraming opsyon para bumuo ng kompleks na panlapi. Ang sunurang ayos ng mga panlapi ay kinasilipan ng isang mahalagang kakilingan "tendency". Una, ihanay ang mga panlapi mula sa kaliwa at pakanan na ang mga pangwikaing panlapi ay sa gawing kanan.

References

Blake, Frank R. 1925. *A Grammar of the Tagalog Language*. New Haven: American Oriental Society.

Bloomfield, Leonard. 1917. *Tagalog Texts with Grammatical Analysis*. Studies in Language and Literature III.2-4. Urbana: University of Illinois.

De Guzman, Videia P. 1978. *Syntactic Derivation of Tagalog Verbs*. Oceanic Linguistics Special Publication 16. Honolulu: University of Hawaii Press.

De Guzman, Videia P. 1997. "Verbal affixes in Tagalog: inflection or derivation?" Proceedings of the Seventh International Conference on Austronesian Linguistics. Pp. 303-325.

Llamzon, Teodoro. 1968. *Modern Tagalog: A Functional-Structural Description with Particular Attention to the Problem of Verification*. Ph.D. Dissertation. Georgetown University.

Nolasco, Ricardo Ma. 2003. "Ang pagkatransitibo at ikinaergatibo ng mga wikang Pilipino: Isang pagsusuri sa sistemang boses". Disertasyong Pangdoktorado. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Ramos, Teresita, 1974. *The Case System of Tagalog Verbs*. Pacific Linguistics Series B, No. 27. Canberra: The Australian National University Press.

San Jose, Francisco de. 1610. *Arte de las reglas de la lengua Tagala: En el Partido de Bataan Por Tomas Pinpin Tagalog*. (1865 ed.)

Otanes, Fe T. 1966. *A Contrastive Analysis of English and Tagalog Verb Complementation*. Ph.D. Dissertation. University of California at Los Angeles.

Wolfenden, Elmer. 1961. *A Re-Statement of Tagalog Grammar*. Manila: Summer Institute of Linguistics and Institute of National Language.